# KAPASIYAHAN BLG. 2023-179

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT SOCIAL SECURITY SYSTEM BALIUAG BRANCH NA NAUUKOL SA KASSSANGA COLLECT PROGRAM."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**
at
**Lupon sa Alituntunin, Pribilehiyo, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Social Security System (SSS);

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay nauukol sa isang programa ng SSS na Kasssanga Collect kung saan ang mga contractual at job order employees na hindi sakop ng gsis law ay maaaring mag-apply sa kategorya na self-employed;

**SAPAGKA'T**, sa masusing pag-aaral ng Pinagsanib na Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, pagbubuwis at Pamamaraan at Lupon sa mga Alituntunin, Pribilehiyo, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala ay napatunayang ang kasunduang ito ay labis na makakatulong upang magkaroon ng proteksyon ang mga contractual at job order employees sa disability, pagkakasakit, matandang edad at kamatayan at ang kontribusyon ay otomatikong ikakaltas sa buwang sahod ng mga naturang kawani.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sapulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan na katawanin ang Pamahalaang Bayan at lumagda sa memorandum of agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Social Security System (SSS) Baliuag Branch na nauukol sa Kasssanga Collect Program.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-11 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim